

Lokal na negosyo, tutulungan ng DOST-FPRDI na matutunan ang paggawa ng kanilang antimicrobial soaps at hand mists

Ni: Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Isang agro-forest business sa Laguna ang may pagkakataong matutunan ang proseso sa paggawa ng antimicrobial soaps at hand mists na dinebelop ng Department of Science and Technology-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI).

Ito ay matapos makipag-sanib puwersa ang DOST-FPRDI sa Laguna State Polytechnic University o LSPU sa pagbibigay ng technical assistance sa Adress Farm. Ang naturang inisyatiba ay sa ilalim ng National Agri-Aqua Technology Business Incubation Program ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD).

Ang mga tauhan ng Adress Farm ay dadaan sa pagsasanay sa paggawa ng anti-microbial soaps and hand mists gamit ang kanilang sariling plant materials. Ang technical expert mula sa DOST-FPRDI na si Dr. Jennifer P. Tamayo ang gagabay sa mga sasanayin na tauhan ng nasabing kumpanya. Samantala, magbibigay din ang DOST-FPRDI ng mga serbisyo sa business development at access sa mga testing laboratory.

Ang anti-microbial soaps ay gawa mula sa bamboo charcoal, bamboo activated carbon, sapang, tawa-tawa at eucalyptus oil

Mga Nilalaman

S&T-based enterprises na Taliba Soap Manufacturing at PHP Noodle, nagbigay-inspirasyon p2

STARBOOKS at 'EducTokhang' magkatuwang sa pagpapalaganap ng S&T sa Bukidnon p3

Online training para sa Oyster sauce-making, isinagawa sa Zamboanga Sibugay p4

scent samantalang ang hand mists naman ay maaaring magsilbing disinfectant kung walang sabon

Suporta sa mga maliliit na negosyo

Ayon kay Dr. Noel Catibog, hepe ng DOST-PCAARRD's Technology Transfer and Promotion Division, umaasa sila na malaki ang maitutulong ng mga Technology Business Incubation o TBI sa pagpapabilis ng pag-transfer at pagbenta sa merkado ng mga produkto ng research and development sa bansa.

"TBI is an innovative process where an institution supports start-ups by providing them necessary technical and business development services," paliwanag ni Dr. Catibog.

Samantala, mayroon namang sariling TBI na itinayo noong 2019 ang DOST-FPRDI at tinatawag itong "Peak Three".

Sa pamamagitan ng pinansyal na suporta ng DOST-PCAARRD, layunin ng Peak Three na magsilbing support system para sa mga maliliit o nagsisimula ng negosyo na nakapokus sa



wood at non-wood forest products.

Ilan sa mga serbisyo ng nasabing TBI ay suporta sa paggawa ng mga produkto, pagkonekta sa mga potensyal na imbestor, pag-aplay ng intellectual property protection, pagtuturo sa tamang pamamalacad ng isang negosyo, at testing services.

Naniniwala naman si DOST-FPRDI Director Romulo T. Aggangan, ang inisyatiba na tinatawag na co-incubation ay epektibong

sundan sa pahina 3



Formal na inilunsad ang kasunduan sa pagitan ng DOST-FPRDI, LSPU, Adress Farm, at DOST-PCAARRD sa ginanap na TBIs Co-incubation MOA online signing ceremony noon ika 26 ng Enero 2021.

S&T-based enterprises na Taliba Soap Manufacturing at PHP Noodle, nagbigay-inspirasyon

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*

Kahanga-hanga ang ipinakikitang dedikasyon sa pagpapatakbo ng negosyo bagama't pawang may mga edad na – ganito inilarawan ni Ms. Marites Ramires, general manager ng San Isidro Multipurpose Cooperative o SIMCO ang mga manggagawa ng parehong S&T-based enterprises na Taliba Soap Manufacturing at People Helping People (PHP) Noodle House.

Ito ay sa katatapos lamang na isinagawang benchmarking activity ng naturang kooperatiba noong 13 Enero 2021.

“Nakakahanga po na kahit marami sa kanila ay senior citizens ay napapatakbo nila nang maayos ang kanilang negosyo,” ani Ramirez sa kanyang mensahe sa debriefing meeting.

Ayon naman kay Ms. Luzviminda S. Bonsol, organization leader ng production facility ng Taliba Soap Manufacturing, pinagtrabahuhan nilang maigi upang maisaayos ang operasyon ng kanilang negosyo. Ibinahagi niya sa mga miyembro ng SIMCO kung paano sila naghanap ng pagbebentahan ng kanilang mga produkto noong nagsisimula pa lamang silang ipakilala ang mga ito.

“Lahat kami noon after magproduce, maglalako pa ng product para mai-dispose. Kanya-kanyang lako kami. Hiwa-hiwalay para lang makilala din ang aming produkto,” sabi niya.

Dagdag pa niya, hindi umano nakakaapekto ang kanilang mga edad dahil nagagawa pa naman nila ang kanya-kanyang gawain. Bagaman mga senior citizen, mabubuti pa rin naman ang kanilang mga kalusugan.

Ibinahagi naman ni Ms. Aurea Addun ng PHP Noodle house kung paano naitayo ang naturang negosyo at kung paano rin ito bumangon dulot ng problemang pinansyal. Katulad ng Taliba Soap Manufacturing, nahirapan din anila sila na makahanap ng pagbebentahan ng kanilang mga produkto sa Batangas bago sila nagkaroon ng matatag na merkado.

Sa pagbabahagi rin ng kuwento ng dalawang negosyo, nabanggit nila na naging posible ang lahat sa tulong ng dalawang pribadong indibidwal na nag-alok ng suporta at tulong-pinansyal sa kanila nang walang hinihinging kapalit. Ayon kay Ms. Bonsol,



Si Ms. Aurea Addun habang pinangunahan ang facility tour sa PHP Noodle House.



Ang Taliba Soap Manufacturing at PHP Noodle House habang ibinabahagi sa SIMCO ang kani-kanilang kuwento ng tagumpay at karanasan sa pagpapatakbo ng kanilang mga negosyo.



Inorganisa ng Pilipinas Shell Foundation, Inc. at ng DOST-PSTC Batangas ang benchmarking activity upang mabigyan ang mga miyembro ng San Isidro Multipurpose Cooperative (SIMCO) ng personal na karanasan sa kung paano pinapatakbo ang ilang S&T-based enterprises tulad ng Taliba Soap Manufacturing at People Helping People (PHP) Noodle House.

layunin ng nabanggit na mga indibidwal na mabigyan ang mga kababaihan sa kanilang barangay ng kabuhayan upang maiwasan nila ang pagkalulong sa sugal.

“Ayaw nila na may makikitang miyembro na nasa sugalan. Mahigpit nilang ipinagbabawal iyon. Hinihikayat din nila na magsimba ang miyembro kung makakasimba,” aniya.

Matapos ang pagbabahagi ng kani-kanilang mga karanasan ay pinangunahan nina Rufina Salvador, dating Presidente ng Taliba Soap Manufacturing at Addun ng PHP Noodle House ang tour sa kanilang mga pasilidad. Saktong may isinasagawang produksyon sa PHP Noodle House kaya't personal na natunghayan ng mga miyembro ng SIMCO kung paano istriktong sumusunod ang pagawaan sa mga pamantayan hinggil sa food safety.

Ang naturang benchmarking activity ay inisyatibo ng Pilipinas Shell Foundation, Inc. at ng DOST-PSTC Batangas upang mabigyan ang mga miyembro ng SIMCO ng personal na karanasan sa kung paano pinapatakbo ang ilang S&T-based enterprise tulad ng Taliba Soap Manufacturing at PHP Noodle House. Ito ay bahagi ng kanilang teknikal na suporta matapos mabigyan ang grupo ng pagsasanay hinggil sa paggawa ng mga produktong panglinis at pang-disinfect noong 18 Nobyembre 2020.

Ang Taliba Soap Manufacturing ay dalawang beses nang SETUP adoptor habang ang PHP Noodle House ay dalawang beses nang benepisyaryo ng GIA-CBP. (*Impormasyon mula kay John Maico H. Hernandez, DOST-PSTC Batangas*)

STARBOOKS at 'EduTokhang' magkatuwang sa pagpapalaganap ng S&T sa Bukidnon

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

“EduTokhang,” ito ang sagot ng pamunuan ng Pangantucan Community High School (PCHS) upang maipakilala ang kaalaman at konsepto ng science, technology, and innovative education sa mga mag-aaral at komunidad ng Pangantucan, Bukidnon sa pamamagitan ng isang ‘mobile library.’

Pinangunahan ng pangulo ng PCHS na si Fr. Ambrosio F. Flores SJ ang inisyatibang EduTokhang sa Barangay Pigtauranan at Madaya ng nasabing bayan upang isulong ang paggamit at kapakinabangan sa Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks (STARBOOKS) ng Department of Science and Technology- Science and Technology Information Institute (DOST-STII).

Layon ng EduTokhang na maabot ng paaralan ang mga mag-aaral na kabilang sa mga Indigenous People Community at naninirahan sa mga lugar na kinikilala bilang geographically challenged areas.

Mayroong 82 mag-aaral ang sumali sa aktibidad at ngayo’y masigasig na gumagamit ng STARBOOKS digital library.

Nagbigay-daan din ang nasabing proyekto upang makasali at makagamit ang mga out-of-school youth sa tinaguriang digital library in a box.

Bahagi rin ng nasabing proyekto na mabigyang-pansin ang mga usaping may kinalaman sa pagbabasa upang makamit ang mas mataas na kakayahan sa “comprehension at articulation” ng mga babasahing Filipino at Ingles.

Dagdag pa rito, mayroon ding praktikal na aralin sa Livelihood Skills Training at Aerobics na bahagi ng mga subject sa Technology and Livelihood Education at Physical Education.

Lokal na...

Mula sa pahina 1

pamamaraan para sa mga State Universities and Colleges (SUCs) at mga Research and Development Institutes para maipakilala at maibenta sa merkado ang mga produkto ng R&D sa bansa.

“We are encouraging start-ups or small wood and non-wood forest products enterprises to check out DOST-FPRDI’s TBI. The Institute



Ang STARBOOKS ay ang tugon ng DOST-STII sa adhikaing magkaroon ng e-library at himukin ang mga mag-aaral na magkaroon ng interes sa pag-aaral ng Science and Technology (S&T). Inaasahang tataas ang mga mag-ee enrol sa mga kursong may kinalaman sa S&T at mas mataas na pakikipagtalastasan sa mga mag-aaral sa ilalim ng mga kursong maykinalaman sa entrepreneurship dahil na rin sa inisyatiba.

“This is a big help to our institution, especially in this school year when students are no longer required to go to school. Some students live in remote areas where access to the internet isn’t possible, while some do not have enough resources to acquire internet access,” ani Fr. Flores sa wikang Bisaya.

Samantala, tila malaking hadlang para sa mga guro at pamunuan ng paaralan ang maiparating ang mga kaalaman na dulot ng STARBOOKS at EduTokhang sapagkat ilan sa mga mag-aaral nito ay naninirahan sa mga

komunidad sa mga bulubunduking bahagi ng Pangantucan, Bukidnon.

Ngunit, dahil mas nananaig ang adhikaing maihulma ang kakayahan ng mga kabataan upang ito ay maging kapaki-pakinabang na bahagi ng lipunan, ay minarapat ng mga ito na ituloy ang EduTokhang upang mapalawak at makinabang ang mga kabataan sa mga kaalamang hatid ng STARBOOKS.

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist/Photo Editing

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

FERDINAND M. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.

will be glad to assist you in moving your business to the next level,” sabi ni Dr. Aggangan

Ang mga interesado sa serbisyo na inaalok ng Peak Three ay maaaring magpadala ng mensahe sa info@fprdi.dost.gov.ph o fprdi@dost.gov.ph. (Impormasyon mula kay Apple Jean C. Martin, DOST-FPRDI)

Online training para sa Oyster sauce-making, isinagawa sa Zamboanga Sibugay

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*



Mga miyembro ng Kapunungan sa Gagmay'ng Mangingisda sa Concepcion na dumalo sa virtual training ng paggawa ng oyster sauce.

Dinaluhan ng Kapunungan sa Gagmay'ng Mangingisda sa Concepcion (KGMC), isang samahan ng oyster farmers o nangongolekta ng talaba, ang isang online training sa paggawa ng oyster sauce sa Barangay Concepcion, Kabasalan, Zamboanga Sibugay.

Sa pagsasanay na tinaguriang, "Virtual Technology Transfer Training", layon nito na matutunan ng mga miyembro ng KGMC kung paano mapayabong ang pagtatalaba, at maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay at komunidad. Pinangunahan ito ng Department of Science and Technology IX (DOST IX) kasama ang DOST-Industrial Technology Development Institute.

Bahagi ang nasabing pagsasanay sa DOST Grants-in-Aid (GIA) na proyektong "Treasure, Assets, and Livelihood Access for Kabasalan-Based Small Fisherfolk Association" (TALABA) na siyang nagbukas sa KGMC ng pagkakataon sa mga kagamitan na makatutulong sa pagtatalaba.

Ayon kay Jennifer A. Pidor, direktor ng DOST Provincial Science and Technology Center - Zamboanga Sibugay Province, isang malaking hakbang ang nasabing online training dahil



Mga bote ng oyster sauce na mula sa pagsasanay.

mayroon itong hands-on techno-demos.

Kasama rin sa pagsasanay sina Jose Sapuan, Jr., bilang kinatawan ng alkalde ng Kabasalan, municipal agriculturist Miladel S. Capitanía, at Roberto Ballon, presidente ng KGMC.

Noong Pebrero 2020, tumanggap ang KGMC ng grant na nagkakahalaga nang P558,050.00 upang matulungan ang pagtatalaba sa Kabasalan dahil na napapansing paglamlam ng nasabing industriya sa lugar.

Bahagi din ang pagsasanay sa malawakang "18-day campaign to end violence against women".

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DOST Grants-In-Aid Program, sumangguni sa (062) 991-1024/ (062) 955 0825 o dost9info@gmail.com at hanapin si Jennifer A. Pidor. Maaari ring dumalaw sa Facebook page ng DOST IX sa www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay Dores B. Calago, DOST-IX).